## A KASALANAN

### ❖ IWASAN ANG TUKSO

- Tinatawag ni Santiago ang tumututol sa tukso na “mapalad” (San 1:12). Nililinaw nya na ang tukso ay hindi galing sa Dios (Santiago 1:13), ngunit ito ay bumabangon mula sa sarili nating pagnanasa (Santiago 1:14).
- Binabanggit ni Pablo ang “manunukso” (1 Tes. 3:5), na kinilala ni Jesus na si Satanas (Mateo 4:3,10). Siya ang pinakanakakaalam ng ating kahinaan upang magkasala tayo. Huwag nating kalimutan na tayo ay nakalahok sa pandaigdigang gyera sa pagitan ni Kristo at ni Satanas, at gagawin ng manunukso ang lahat upang mapalayo tayo kay Kristo.
- Malinaw na halimbawa si Samson ng taong bumigay sa tukso dahil pinagustuhan nya ang kanyang emosyon, kahit alam nyang salungat ito sa kalooban ng Dios (Hukom 14:1-3; 16:1, 4).
- Paano iwasan ang tukso? Sa paghanap sa Dios (Mt. 6:33); paggugol ng panahon kasama Sya (Mk. 14:38); pagkakaroon ng sanggalang (Efe. 6:16).

### ❖ MGA PARAAN UPANG MAIWASAN ANG KASALANAN

- Nag-iwan si Jesus ng malinaw na panuto upang makaiwas sa kasalanan:
  1. Umiwas sa mga bagay na magdadala sa iyo sa kasalanan (Marcos 9:43; Job 23:12). Halimbawa, pagbili ng nakakalasing na inumin.
  2. Umiwas sa mga lugar na maari kang magkasala (Marcos 9:45; Job 23:11). Halimbawa, pagpunta sa nightclub.
  3. Umiwas sa mga panoorin na makakadala sa pagkakasala (Marcos 9:47; Job 31:1). Halimbawa, panonood ng video na may malaswang bahagi.

## B ANG KAUTUSAN

### ❖ ANG KAUTUSAN AT KASALANAN

- Ang relasyon ng Kautusan sa kasalanan ay namimisinterpret ng ilan na nag-iisip na mapapawalang sala sila sa pagsunod sa Kautusan (Gal . 5:4). Ang iba naman ay nasa dulo ng kabaliktaran, iniisip nila na inalis na ang Kautusan.
- Ang problema ay dahil sa pag-iisip na ang Kautusan ay may kaugnayan sa kaligtasan, maging ito man ay paraan o hadlang sa kaligtasan. Ngunit ang tungkulin ng Kautusan ay hindi upang magligtas. Eh, ano ang tungkulin nito?
- Ipinapakita ng Kautusan ang kasalanan sa atin (1 Juan 3:4). Kung walang kautusan, hindi natin malalaman kung ano ang kasalanan (Roma 7:7) at, kaya, hindi tayo maghahanap ng solusyon (Galacia 3:24).
- Malayo sa pagiging pahirap, ang Kautusan ay pangbakod na proteksyon upang huwag tayong magdusa sa bunga ng kasalanan (1 Jn 5:3; Aw. 1:1-3).

## C ANG EBANGHELYO

### ❖ ANG EBANGHELYO AT KAUTUSAN

— Ang ating kaligtasan (kapatawaran ng ating mga kasalanan at buhay na walang hanggan) ay matatanggap sa pamamagitan ng ginawa ni Jesus sa atin sa krus (Gal. 3:13). Ito ang nag-uudyok sa atin na mahalin si Jesus (1 Juan 4:9, 19). At ipinapakita natin ang pag-ibig na ito sa pagsunod sa Kanyang mga utos (Juan 14:15).

— Balikan natin ang relasyon ng Kautusan at Ebanghelyo (iyon ay, kaligtasan sa pamaamgitan ng dugo ni Jesus):

(1) Ipina-paliwanag ng Kautusan kung ano ang kasalanan
(2) Kung magkasala tayo, nakatakda tayong mamatay ng walang hanggan
(3) Hindi kaya ng Kautusan na magpatawad ng kasalanan
(4) Nagdusa si Jesus ng kamatayan upang magbayad para sa ating mga kasalanan
(5) Kung tinatanggap natin ang sakripisyo ni Jesus, napapatawad ang ating mga kasalanan
(6) Kung napatawad na, sumusunod tayo sa Kautusan upang huwag magkasala ulit (1 Juan 2:1)

— Hindi inisip ni Jesus na alisin ang Kautusan, ngunit pagtibayin ito (Mt. 5:17). Ang Kautusan at Ebanghelyo ay repleksyon ng mismong karakter ng Dios: pag-ibig.

### ❖ ITINAYO SA BATO

— Kasama sa pagtanggap sa Dios ang pagsunod sa proseso. Ang unang hakbang ay kaalaman. Dapat natin malaman na merong pwedeng tumubos sa atin (Rom. 10:14).

— Ngunit hindi tayo maliligtas ng kaalaman lang. Inihambing ni Jesus ang mga nakaalam ng kaligtasan ngunit hindi isinakabuhayan ang mga prinsipyo ng ebanghelyo sa taong nagtatayo ng bahay sa buhanginan "at dakila ang pagbagsak nito" (Mateo 7:26-27).

— Dapat masabayan ang kaalaman ng matibay na kilos (Mt. 7:24-25). Tayo ay napawalang sala hindi dahil sa pagsunod sa kautusan (Rom. 3:28), ngunit kailangang sumunod tayo sa kautusan bilang bunga ng ating pagkaligtas (Mt. 7:18-21).

— Kung tinanggap natin si Jesus at mamuhay na malapit sa Kanya, sumusunod sa Kanyang mga utos, nagtatayo tayo ng bahay sa Bato.